# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 19*
# *Awit 116 - Tapat ang mga May Takot sa Dios*

***"1 Aking iniibig ang PANGINOON, sapagka't kaniyang dininig ang aking tinig at aking mga hiling. 2 Sapagka't kaniyang ikiniling ang kaniyang pakinig sa akin, kaya't ako'y tatawag sa kaniya habang ako'y nabubuhay. 3 Ang tali ng kamatayan ay pumulupot sa akin, at ang mga sakit ng Sheol ay nagsihawak sa akin: aking nasumpungan ang kabagabagan at kapanglawan. 4 Nang magkagayo'y tumawag ako sa pangalan ng PANGINOON; Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, iligtas mo ang aking kaluluwa. 5 Mapagbiyaya ang PANGINOON, at matuwid; Oo, ang Dios namin ay maawain. 6 Pinalalagi ng PANGINOON ang mga tapat na loob: ako'y nababa, at kaniyang iniligtas ako. 7 Bumalik ka sa iyong kapahingahan, Oh kaluluwa ko; sapagka't ginawan ka ng mabuti ng PANGINOON. 8 Sapagka't iyong iniligtas ang kaluluwa ko sa kamatayan, at ang mga mata ko sa mga luha, at ang mga paa ko sa pagkabuwal. 9 Ako'y lalakad sa harap ng PANGINOON, sa lupain ng mga buhay. 10 Ako'y sumasampalataya, sapagka't ako'y magsasalita: ako'y lubhang nagdalamhati: 11 Aking sinabi sa aking pagmamadali, lahat ng tao ay bulaan. 12 Ano ang aking ibabayad sa PANGINOON dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin? 13Aking kukunin ang saro ng kaligtasan, at tatawag ako sa pangalan ng PANGINOON. 14 Aking babayaran ang mga panata ko sa PANGINOON, Oo, sa harapan ng buo niyang bayan. 15 Mahalaga sa paningin ng PANGINOON ang kamatayan ng kaniyang mga banal. 16 Oh PANGINOON, tunay na ako'y iyong lingkod; ako'y iyong lingkod, na anak ng iyong lingkod na babae; iyong kinalag ang aking mga tali. 17 Aking ihahandog sa iyo ang hain na pasalamat, at tatawag ako sa pangalan ng PANGINOON. 18 Aking babayaran ang mga panata ko sa PANGINOON, Oo, sa harapan ng buo niyang bayan; 19 Sa mga looban ng bahay ng PANGINOON, sa gitna mo, Oh Jerusalem. Purihin ninyo ang PANGINOON." (Awit 116:1-19 KJV)***

Ito ay pasasalamat na awit. Ito ay sinulat ni David sa biyaya ng pagliligtas ng Dios. Si David matapos siyang pahiran sa pamamagitan ng propetang si Samuel upang maging isang Hari sa bayan ng Dios, hinarap niya ang maraming mga kaguluhan at paulit – ulit na pag uusig mula kay Saul sa naunag hari. Ang mapagbiyayang Dios ay natagpuan ang katapatan at mapagbiyayang pagtugon sa kaluluwa ni David tulad ng tinawag Niya siya upang paglingkuran Siya. Ang mga natatakot sa Dios ay nagpapasalamat at mapagbiyaya sa lahat ng Kanyang pagibig at awa.

***"1 Aking iniibig ang Panginoon, sapagka't kaniyang dininig ang aking tinig at aking mga hiling." (Awit 116:1 KJV)*** Si David ay sumagot sa kabutihan ng Dios at awa nang may pagibig, tulad ng ipinaliwanag niya sa publiko at sa lahat ng sinabai niya, ***"Aking iniibig ang Panginoon,"*** at binanggit at ipinaliwanag kung bakit, ***"sapagka't kaniyang dininig ang aking tinig at aking mga hiling."*** Ipinaliwanag iyon ni David nang siya ay nanalangin at umiyak sa Dios para sa kaawaan, dininig ng Dios ang kanyang pagtangis at kanyang hiling. Labis ang pasasalamat ni David na pinansin siya ng Dios kapag siya ay nasa problema. Ang mga taong may takot sa Dios ay lubos na nagpapasalamat at naaantig na narinig sila ng Dios sa kanilang mga problema. Pagnilayan iyan sa iyong sarili at bilangin ang mga pagkakataong narinig ng Dios ang iyong daing para sa kaawaan at dumating upang sagipin ka; at gawing punto na magsimulang matakot sa Dios at ipahayag ang iyong pagibig sa Kanya, hindi lamang sa salita kundi pati na rin sa pamamagitan ng mga gawa at mabubuting gawa.

***"2 Sapagka't kaniyang ikiniling ang kaniyang pakinig sa akin, kaya't ako'y tatawag sa kaniya habang ako'y nabubuhay." (Awit 116:2 KJV)*** Labis na nagpasalamat si David kaya inilapit ng Dios ang Kanyang pandinig sa kanya at tumugon sa kanyang panalangin. Sa ginawa ng Dios, gumawa si David ng mahabang desisyon sa buhay na tatawagin niya ang Dios habang siya ay nabubuhay. Ipinahayag ni David ang kanyang buong pagtitiwala at ang kanyang buong pangako sa nag iisang tunay na Dios, Ang Makapangyarihang Dios, na tumawag sa Kanya at lubos na umasa sa Kanya, nag iisa at tanging sa Kanya. Ang mga natatakot sa Dios ay hindi sila lalapit at hihingi ng tulong sa sinuman bukod sa Panginoon nating Dios. Sila'y matalino at tama at tiyak na gagantimpalaan sila nang matiwasay sa gayong saloobin at pasya. Magtiwala nang lubusan sa Dios, tulad ng Kanyang pagkiling ng Kanyang pandinig at narinig ka sa mga oras ng kagipitan at dumating at iniligtas ka, kung gayon ay ibigay ang iyong buhay nang lubusan sa Kanya, at simulan ang paglilingkod sa Kanya at huwag tumawag sa iba sa oras ng iyong pangangailangan, kundi sa Kanya lamang.

***"3 Ang tali ng kamatayan ay pumulupot sa akin, at ang mga sakit ng Sheol ay nagsihawak sa akin: aking nasumpungan ang kabagabagan at kapanglawan." (Awit 116:3 KJV)*** Ipinaliwanag pa ni David ang kanyang masakit na mga pagsubok at karanasan upang ang Dios ay mas luwalhatiin sa Kanyang patotoo. Muntik nang mamatay si David; sa mga problema at kalungkutan na kanyang pinagdaanan ay nagdulot sa kanya ng matinding pighati na inilarawan niya gaya ng mga sumusunod: ***"at ang mga sakit ng Sheol ay nagsihawak sa akin"*** Ibig sabihin si David ay nilusob ni Satanas at ng mga demonyo na sinubukang saktan siya, at maramdamang niya ang kahirapan sa impierno.

Ang bahagi ng pagpapasalamat ni David ay nagtulak sa kanya na ipaliwanag pa ang kanyang mga pagsubok bilang pagpapahalaga sa ginawa ng Dios sa Kanya. Ang mga taong may takot sa Dios ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng mga awa na natatanggap nila mula sa Kanya. Ang patotoong ito ni David ay hindi lamang magpapadakila sa Dios at sa Kanyang kapangyarihan upang ibalik at iligtas ang mga tumatawag sa kanya, kundi bukod pa rito ay magpapalakas ng pananampalataya ng iba at sa bayan ng Dios upang lubos na magtiwala sa Dios sa panahon ng mga kaguluhan. Nais ng Dios sa Kanyang Salita na hikayatin ka na lubos na magtiwala sa Kanya at umasa sa Kanya, na anumang problema na iyong pinagdadaanan at pagdurusa ay kayang iligtas ka ng Dios at ilabas ka kahit mula sa mga gapos ng masama. Ang mga pintuan ng Hades ay hindi mananaig laban sa Simbahan ng Dios tulad ng pangako ni Jesus, ***“At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.” (Mateo 16:18 KJV)*** * Kaya patuloy tayong manindigan kasama ng Dios at magtiwala sa Kanya na hindi hahayaan, maging ang kapangyarihan ng kadiliman na magwagi laban sa atin. * At patuloy nating ipatotoo ang kabutihan ng Dios upang hikayatin ang iba at palakasin ang kanilang pananampalataya sa Kanya, dahil ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig ng Salita ng Dios gaya ng mababasa natin dito: ***“17 Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo.” (Roma 10:17 KJV)***

***“4 Nang magkagayo'y tumawag ako sa pangalan ng Panginoon; Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, iligtas mo ang aking kaluluwa.” (Awit 116:4 KJV)*** Tumawag si David sa Dios sa pagliligtas at iniligtas siya ng Panginoon. Habang naririnig mo ang Salita ng Dios at ang patotoo ni David, at ang patotoo ng iba at ang simbahan ng Diyos kung gayon ay mahikayat at isapuso at tumawag sa pangalan ng Panginoon at hilingin sa Kanya nang may pananampalataya ang iyong kahilingan na ipagkaloob sa iyo ang tagumpay at ang pagliligtas mula sa iyong mga problema,.

Sa pagtugon ni David sa ginawa ng Dios sinabi Niya ang tungkol sa Dios ang mga sumusunod:

***“5 Mapagbiyaya ang Panginoon, at matuwid; Oo, ang Dios namin ay maawain. 6 Pinalalagi ng Panginoon ang mga tapat na loob: ako'y nababa, at kaniyang iniligtas ako.” (Awit 116:5 KJV)*** Mapagbiyaya, matuwid, maawain at mahabagin ay ang Panginoon. Sa mga natatakot sa Dios ay inilalarawan ang Dios sa gayong sapat at kasiya siyang paraan. Hindi mo makikita silang nagrereklamo, nagbubulong bulong, at mayroong sama ng loob laban sa Dios. Ngayon sa mensaheng ito ay para sa iyo; laging makita ang mabubuting bagay na ibinigay ng Dios sa iyo at bilangin ang iyong mga biyaya at pangalanan ang mga ito isa isa, sa gayon magagawa mong makita at matuklasan ang dakilang mga bagay na ginawa ng Dios sa iyo.

***“6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan;” (Awit 116:6 KJV)*** Pinawalang kabuluhan ni David ng kanyang sarili nang sinabi niya, ***“Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios:”*** Walang naging kabuluhan kay David at walang kahanga hanga kay David na magsulong sa Dios upang iligtas siya. Ngunit naligtas siya dahil mabuti ang Dios. Ang mga walang takot sa Dios ay ituturo nila na ang kabutihan ng Dios ay nakatuon sa kanila dahil sila ay mabuti. Ngunit yaong mga natatakot sa Dios sila ay mapagpakumbaba, at ituturo nila na ang kabutihan at awa ng Dios dahil lamang sa Siya ay mabuti at walang kahanga hanga sa kanila. Nagpatotoo si David tungkol dito sa ganitong paraan, ***“upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan;”*** Si David nang siya ay nagpakababa iniligtas siya ng Dios. Si David ay hindi nahiya sa kanyang kakulangan, Ang mga taong nangangatakot sa Dios ay mapagkumbaba at simple at hindi nahihiya na ihayag ang kanilang mga kahinaan at kakulangan. Kaya, ipakumbaba ang iyong sarili at huwag mahiyang ipagtapat ang iyong mga kahinaan at kakulangan.

***“6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan;7 Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya.” (1 Pedro 5:6-7 KJV)***

***“7 Bumalik ka sa iyong kapahingahan, Oh kaluluwa ko; sapagka't ginawan ka ng mabuti ng Panginoon.” (Awit 116:7 KJV)*** Naranasan dito ni David ang panahon ng kapahingahan at kapayapaan pagkatapos ng pagliligtas ng Dios. Siya’y nagninilay, nakikipag usap sa kanyang sarili at nilalasap ang mga kawaan at kabutihan ng Dios. Ang mga nangatatakot sa Dios ay dadalhin sa panahon ng katahimikan at kapayapaan kung saan tinitiyak sa kanila ang kabutihan ng Dios sa kanilang buhay. Habang natatakot ka sa Dios kung gayon ay darating ang panahon ng kapayapaan sa iyong buhay at magkakaroon ka ng kapahingahan sa paligid mula sa lahat ng iyong mga problema at pagninilay sa Kanyang kabutihan.

Mula sa kalagayang iyon ni David ng kapahingan at sakdal na kapayapaan, at sumulong at nagpasalamat sa Dios sa paraang inilalarawan niya sa mga detalye ng kabutihan ng Dios sa Kanyang buhay gaya ng mababasa natin dito: ***“8 Sapagka't iyong iniligtas ang kaluluwa ko sa kamatayan, at ang mga mata ko sa mga luha, at ang mga paa ko sa pagkabuwal.” (Awit 116:8 KJV)*** Pinatotohanan ni David na iniligats ng Dios ang kanyang

kaluluwa mula sa kamatayan, ang kanyang mga mata ay pinalaya Niya mula sa mga pagluha at ang kanyang paa ay iningatan Niya sa pabagsak. Kaya't muli siyang nabuhay at nagpapahayag na siya'y lalakad sa harap ng Panginoon at mabubuhay nang walang ibang dahilan kundi ang maglingkod sa Dios. ***"9 Ako'y lalakad sa harap ng Panginoon, sa lupain ng mga buhay." (Awit 116:9 KJV)*** Makinig ngayon, kapag ipinahayag ng Dios ang Kanyang sarili sa iyo, kapag iniligtas ka ng Dios at binigyan ka ng Dios ng walang hanggang buhay at kapag iniligtas ka ng Dios palabas sa iyong mga kabagabagan at nilutas ang iyong mga problem, ang layunin ng Dios sa likod ng lahat ng iyon ay mamuhay ka para sa Kanya at simulan mong paglingkuran Siya. Kaya't habang pinagninilayan mo ang kabutihan ng Dios at ang Kanyang kaawaan sa iyo kung gayon ang oras ay dumating sa iyo na gumawa ng iyong pangako na ipamuhay ang iyong buhay para sa Dios at yaon ay magsisimula kang maglingkod sa Kanya.

***"10 Ako'y sumasampalataya, sapagka't ako'y magsasalita: ako'y lubhang nagdalamhati:" (Awit 116:10 KJV)*** Si David nang siya ay nahaharap sa paulit ulit na mga problema at pagsalungat mula kay Saul, nakuha niya ang isang malaking pananampalataya mula sa Dios na maaari Niyang tulungan siya sa kanyang problema, samakatuwid ay binuksan niya ang kanyang bibig at ipinahayag sa panalangin ang kanyang kasalukuyang sitwasyon. Samakatuwid, magtiwala sa Dios nang lubusan sa kabila ng lahat ng mga problema na iyong pinagdadaanan, buksan ang iyong bibig at simulan ang panalangin at pag iyak sa Dios na lubos na nagtitiwala sa Kanya na Siya ay darating upang iligtas ka at iligtas ka. Maniwala ka, Siya ay isang panalangin lamang na malayo sa iyo.

***"11 Aking sinabi sa aking pagmamadali, lahat ng tao ay bulaan." (Awit 116:11 KJV)*** Nang pinahiran ni Samuel si David upang maging isang Hari sa buong Israel. Humarap si David sa maraming pagsalungat at kaguluhan mula kay Saul. Ang mga kapighatiang at pagsalungat ay nakapag isip ni David ng mali at nakagawa ng madaling pasya, kaya naman sinabi niya ***"Aking sinabi sa aking pagmamadali"***, iniisip na sinabi ni Samuel sa kanya ay hindi tama at hindi mula sa Dios. ***"lahat ng tao ay bulaan."*** Iniisip na si Samuel ay nagsisinungaling sa kanya, Ngunit nang sa wakas ay ilabas ng Dios si David ang ipinangako sa Kanya, napagtanto ni David ang kanyang pagmamadali at maling palagay tungkol sa ginawa ni Samuel sa kanya at sinabi sa kanya. Huwag hayaang lituhin ka ng mga pangyayari sa paligid mo at isipin mo na ang mga pangako ng Dios ay malayo sa iyo, at gumawa ka ng maling pasya. Ngunit bilang natatakot ka sa Dios, patuloy kang magtiis sa mga pagsubok at ang paglakad sa makipot na pintuan, kung gayon isang araw makikita mo ang lahat ng ipinangako mo mula sa Salita ng Dios ay magiging totoo sa iyong buhay.

Napagtanto rin ni David at sa wakas ay natuklasan na ang kanyang buhay ay mahalaga sa paningin ng Dios at hindi madaling bagay na ipahintulot ng Dios ang buhay ni David ay magwakas, kaya naman sinabi niya, ***"15 Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kaniyang mga banal." (Awit 116:15 KJV)*** Mahalaga sa paningin ng PANGINOON ang kamatayan ng kanyang tapat na mga lingkod, ang mga namumuhay para sa Kanya at tapat na naglilingkod sa Kanya.

Yaong mga natatakot sa Dios hindi sila mamamatay sa isang walang kabuluhang paraan, ngunit sila ay kukunin ng Dios kapag natapos na nila ang gawain at ang kanilang paglilingkod sa Dios sa lupa. Habang ang masasama, na suwail sa Dios, ang kamatayan ay maaaring kunin sa kanila sa anumang sandali, at sila ay papanaw.

***"12 Ano ang aking ibabayad sa Panginoon dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin?" (Awit 116:12 KJV)*** Mula sa pagpapasalamat ni David at pasasalamat sa Dios pinagninilayan niya kung paano Siya babalik sa Dios sa lahat ng kabutihang natanggap niya mula sa Kanya. Siya ay tapat sa Dios at nais ng Dios na maging tapat ka din sa Kanya; na magsimula kang mag isip kung paano bumalik sa Dios sa lahat ng Kanyang kabutihan sa iyo. Narating ni David ang pagpapasyang ito at ipinagdarasal ko na ang bawat isa ng mensahe ay makarating sa kanya o sa kaniya, ay makarating sa sumusunod na konklusyon:-

***A. "13 Aking kukunin ang saro ng kaligtasan, at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon." (Awit 116:13 KJV)*** Ang saro ng kaligtasan ay upang tanggapin ang kaligtasan ng Dios, at makapasok sa pamamagitan ng makipot na pintuan at handang magdusa para sa Dios. Sa pagtanggap sa kaligtasan ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus at sa Kanyang ginawa sa krus ay kailangang lumakad sa pamamagitan ng makitid na pintuan at maging handa na magdusa para kay Cristo. Ang mga natatakot sa Dios ay napaka ingat sa dumaan sa mga landas ng Dios at tumalima sa Salita ng Dios. Ang mga natatakot sa Dios ay nalulugod sa pagdurusa, namumuhay at lumalakad sa makipot na pintuan, nagagalak sa mga pagsubok at pag uusig. Habang ang mga walang takot sa Dios, sila ay makamundo sa kanilang pamumuhay, kumikilos sa malawak na pintuan at ginagawa nila ang lahat upang malampasan ang anumang pagdurusa. Ang Dios bilang iniligtas ka Niya ay tinawag Niya na itanggi ang iyong sarili at ang iyong pagmamahal sa mundo at iwanan ang iyong sariling mga plano at iyong sariling kalooban, at isuko ang iyong buhay sa Kanya at maging handang sumunod sa Kanya, maglingkod sa Kanya at magdusa para sa Kanyang layunin tulad ng sinabi ni Jesus sa ***Mateo 16:24 "Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin."***

***B. "14 Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, Oo, sa harapan ng buo niyang bayan." (Awit 116:14 KJV)*** Ipinangako ni David ang kanyang sarili para bayaran ang kanyang mga panata sa Dios at tuparin ang lahat ng ipinangako niyang gawin sa Dios. Yaong mga natatakot sa Dios ay maingat sa pagtalima sa kanilang pangako sa Dios at sa ipinangako nilang gawin sa Kanya. Ang mga natatakot sa Dios kapag sila'y dumadaan sa pagdurusa, habang sil'ay nananalangin at humihingi ng pagliligtas sa Dios ay mangangako rin sila sa Dios na mamuhay at gagawin ang Kanyang gawain at gampanan ang kanilang mga tungkulin.Nang iniligtas sila ng Dios makikita mo silang kusang sumusulong upang tuparin ang ipinangako nila sa Dios. Sa kabaligtaran, ay yaong mga hindi natatakot sa Diyos; kapag sila ay nasa mga problema sila ay magdarasal at hihingi ng tulong sa Dios, at sila'y nangako sa Dios ng mabubuting bagay, ngunit kapag iniligtas sila ng Dios at pinalaya sila mula sa kanilang mga problema makikita mo silang lumalayo lamang na nakakalimutan ang ipinangako nila sa Dios. Ngunit iginiit ni David na babayaran niya ang kanyang mga panata sa Diyos sa harap ng Kanyang bayan, ang simbahan, gaya ng sinabi niya, ***"18 Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, Oo, sa harapan ng buo niyang bayan; 19 Sa mga looban ng bahay ng Panginoon, sa gitna mo, Oh Jerusalem. Purihin ninyo ang Panginoon." (Awit 116:18 KJV)*** Ang mga natatakot sa Dios at tapat sa Kanya, ang simbahan ang saksi kung paanong tinitiis nila na ingatan ang kanilang pangako sa Kanya. Sa kabaligtaran sa kanila, ang mga hindi natatakot sa Dios, masaksihan ng simbahan kung paano ang mga taong iyon pagkatapos nilang matanggap ang gusto nila ay mabilis at matalino sa pagtakas nila sa pagtupad sa kanilang pangako at mga panata sa Dios.

Tungkol naman sa iyo, maging at magpakabuti tulad ni David; bilang inililigtas ka ng Dios mula sa mga kapahamakan at ililigtas ang iyong buhay, kung gayon patuloy na mapasa Dios; maging tapat sa Kanya, at simulang tuparin ang iyong mga panata at ang lahat ng ipinangako mo sa Dios, sa kalagitnaan ng Kanyang simbahan, at sa gayo'y maging mabuting halimbawa ka sa iba para sundan ang tamang asal ng katapatan at paglilingkod sa Dios; upang ang iba ay mahikayat sa gayon at sumulong upang maglingkod sa Dios, at sa gayon ay pagpalain ka ng Panginoon at idagdag pa ang higit na mga pagpapala.

***C. "16 Oh Panginoon, tunay na ako'y iyong lingkod; ako'y iyong lingkod, na anak ng iyong lingkod na babae; iyong kinalag ang aking mga tali." Awit 116:16 KJV)*** Ipinangako ni David ang kanyang sarili upang maglingkod sa Dios na nagligtas sa kanya mula sa lahat ng kanyang mga kaguluhan at makawala mula sa kanyang pagkatali. Ipinangako ni David ang kanyang sarili na maglingkod sa Dios gaya ng kanyang ina na naglilingkod sa Dios. Ang mga ina ay may malaking epekto sa pagpapalaki sa mga anak na may takot sa Dios, Tiyak ang ina ni David ay sinanay siya, dinisiplina siya at tinuruan siya kung paanong maglingkod sa Dios. Ang mga magulang na nangangatakot sa Dios, hindi lamang sila naglilingkod sa Dios kundi dinidisiplina nila ang kanilang mga anak.  Masasabi rin natin ito sa ganitong paraan: Ang mga magulang na may takot sa Dios ay naglilingkod din sila sa Diyos sa pamamagitan ng pagdidisiplina sa kanilang mga anak. Samakatuwid, dapat mong disiplinahin ang iyong mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa Dios at iyon ang iyong magiging pagpapahayag at tanda na natatakot ka sa Dios, at iyon ay magiging bahagi ng iyong ministeryo at paglilingkod sa Dios.

***"Oh Panginoon, tunay na ako'y iyong lingkod,"*** Dalawang beses na sinabi ni David sa Dios na siya ay Kanyang lingkod. Ang mga natatakot sa Dios sila'y patuloy na maglilingkod sa Dios matapos palayain sila ng Dios at iligtas sila mula sa kanilang mga kaguluhan. Ngunit ang mga hindi natatakot sa Dios, matapos silang iligtas ng Dios mula sa kanilang mga pagkatali, makikita mo silang naglilingkod sa mga dios-diosan; naglilingkod sa sariling nilang pagnanais, kalooban at mga plano; makikita mo silang naglilingkod sa lalaki at naglilingkod sa mundo, at hindi naglilingkod sa Panginoon. Kaya, gumawa ngayon ng iyong pangako sa Dios, bilang pinalaya ka Niya at iniligtas ka; na patuloy kang maglilingkod sa Kanya at gawin at mamuhay sa Kanyang kalooban at ang plano na mayroon Siya para sa iyo sa iyong buhay.

***D. "17 Aking ihahandog sa iyo ang hain na pasalamat, at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon." (Awit 116:17 KJV)*** Ipinangako ni David ang kanyang sarili na magpasalamat sa Dios at yaon ay tatawag siya sa pangalan ng Dios sa anumang pagsubok at pakikibaka na pagdadaanan niya. Ang mga natatakot sa Dios ay magsisikap na ipakita ang kanilang pasasalamat sa Dios at sila ay tatawag lamang sa Dios at hindi sa ibang mga dios, sa tuwing sila ay nangangailangan o nasa problema. Para sa kanila ang Dios ay hindi isang pagpipilian kundi siya lamang ang pipiliin. Ngunit yaong mga walang takot sa Diyos ay walang utang na loob at pinahahalagahan nila ang mga tao at kapangyarihan at humayo at humihingi ng tulong sa kanila; para sa kanila ang Dios ay isa sa mga pagpipilian ngunit hindi lamang ang pagpipilian. Samakatwid, gawin ngayon ang iyong pangako sa Dios, tulad ng pagliligtas Niya sa iyo at pagpapalaya sa iyo; na tatawagin mo lamang ang Kanyang pangalan, Jesus, sa anumang panahon na ikaw ay nasa kaguluhan at nangangailangan. Gawing tanging pagpiliin ang Dios sa iyong buhay at tiyak na pagpapalain ka ng Dios at uunlad ka, sapagkat ang mga nagtitiwala sa Kanya ay hindi sila kailanman mapapahiya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ikaw ba ay ang tao na natatakot sa Dios? Ikaw ba ay tapat at nagpapasalamat sa Kanya? Tinutupad mo ba ang iyong mga panata sa Dios? Dinidisiplina mo ba ang iyong mga anak? Lumalakad

ka ba sa makipot na pintuan at masayang tinatanggap ang pagdurusa? Ang Dios sa pamamagitan ng mensaheng ito ay tumutulong sa iyo na matuklasan ang iyong sarili sa mas mahusay na paraan. Ang mga bagay na hindi ka tapat, kailangan mong magsisi, at talikuran ang iyong mga kasalanan at magsimulang matakot sa Dios at maging tapat sa Kanya at maglingkod sa Kanya.

Gawing punto na simulan ang takot sa Dios at ipahayag ang iyong pagmamahal sa Kanya hindi lamang sa salita kundi pati na rin sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Maging matatag ang pananampalataya, maglakas loob at manawagan sa pangalan ng Panginoon at hilingin sa Kanya nang may pananampalataya ang iyong hiling na ipagkaloob sa iyo ang tagumpay at ang pagliligtas mula sa iyong mga problema.

Ibigay ang iyong buhay nang lubusan sa Diyos, isuko ang iyong kalooban nang lubusan sa Kanya, at simulang paglingkuran Siya at huwag tumawag sa iba sa oras ng iyong pangangailangan, kundi kay Jesus lamang. Lubos na magtiwala sa Diyos at umasa sa Kanya, na anuman ang problema na iyong pinagdadaanan at pagdurusa, kaya ka ng Diyos na iligtas at ilabas kahit mula sa mga gapos ng masama. Patuloy na manindigan nang matatag sa piling ng Diyos at magtiwala sa Kanya na hindi Niya papayagan, maging ang kapangyarihan ng kadiliman na manaig laban sa iyo.

Bilangin ang iyong mga pagpapala at pangalanan ang mga ito nang isa isa. Laging makita ang magagandang bagay na ibinigay sa iyo ng Dios, upang makita at matuklasan mo ang mga dakilang bagay na ginawa ng Dios sa iyo. Patuloy na magpatotoo tungkol sa kabutihan ng Dios upang mapalakas ang loob ng iba at palakasin ang kanilang pananampalataya sa Kanya.

Patuloy na magtiis sa mga pagsubok at lumakad sa makipot na pintuan; itanggi ang iyong sarili at ang iyong pagmamahal sa mundo. Iwanan ang iyong sariling mga plano at sariling kalooban, maging handang sumunod sa Kanya, maglingkod sa Kanya at magdusa para sa Kanyang layunin.

Maging handang disiplinahin ang inyong mga anak at palakihin sila nang may pagkatakot sa Dios at iyan ay magiging isa sa iyong ministeryo at paglilingkod sa Dios at mabuting halimbawa na dapat tularan ng iba.

Tuparin ang iyong mga panata at lahat ng ipinangako mo sa Dios sa gitna ng Kanyang simbahan, at sa gayon ikaw ay magiging mabuting patotoo, upang ang iba ay mahikayat sa mga ganyan at sumulong na maglingkod sa Dios, at sa gayon ay pagpapalain ka ng Panginoon at magdaragdag sa iyo ng higit pang mga pagpapala.

Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na inilantad mo sa akin ang aking mga kasalanan at malinaw kong nakita ang aking sarili. Panginoon salamat para sa pagtuturo at sa pagtutuwid na tinanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon salamat para sa iyong pagibig, awa at biyaya na tinanggap ko mula sa mahabang panahon ng aking buhay.*

*Ipagtapat at iwaksi ang iyong mga kasalanan sa Dios. Talikdan ang iyong pagkamakasarili, ang iyong pagmamalaki, ang iyong pagibig sa mundo, ang iyong pagmamayabang at paggawa ng iyong sariling kalooban at plano. Ipagtapat ang kasalanan ng hindi pagbabasa ng Bibliya, at talikdan ang iyong kawalan ng tiwala sa Dios. Magsisi sa kasalanan ng hindi pagdidisiplina sa iyong mga anak. Magsisi sa iyong walang katapatan at hindi pagpapasalamat sa Dios. Magsisi sa iyong pagrereklamo, pagbulong bulong at pagkakaroon ng sama ng loob laban sa Dios. Magsisi sa iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanyang kapakanan, at sa pagiging isang masamang halimbawa sa iba, atbp.*

*Panginoon patawarin ako, Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan:* ___________________________

*Panginoon Ako'y umiiyak sa iyo; iligtas mo ako mula sa sumuusunod na gumagawa ng masama* ___________________________

*Bilangin ngayon ang iyong mga pagpapala at pangalanan ang mga ito isa isa. Panginoon salamat para sa sumusunod na pagpapala na tinanggap ko mula sa iyo* ____________________________

*Panginoon ipinangako ko ang akiing sarili na bayaran ang aking mga panata at lahat ng ipinangako ko ng aking sarili na gawin para sa iyo. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay sa pagkatakot sa iyo at sa takot sa iyong Salita. Panginoon ipinangako ko ang aking sarli na maging isang tao na nagpapasalamat sa lahat ng ginawa mo sa buhay ko at ibinigay mo sa akin. Panginoon ipinagkakatiwala ko*

*ang aking sarili na tawagin lamang ang iyong pangalang Jesus sa panahon ng aking mga kabagabagan. Panginoon Ipangako ko sa aking sarili na simulan ang paglilingkod sa iyo at magpatotoo tungkol sa iyo at maging mabuting halimbawa sa iba. Panginoon alalayan mo ako ng iyong biyaya at tulungan ako na maging ganap na mabago, upang maging tao na nalulugod mong makita. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at ipinangako ng muli ang kanilang buhay na matakot sa iyo at lumakad sa iyong mga landas. Panginoon panumbalikin mo silang muli sa iyo at gamitin silang maglingkod sa iyo. Panginoon iligtas ang mga nasa kanila na nasa mga kaguluhan at iligtas sila mula sa kanilang mga kaaway. Panginoon tulungan sila na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu sa gayo'y makita ng mga tao si Jesus sa kanilang buhay. Panginoon protektahan mo sila at maglaan sa kanila at gawin ang kanilang buhay na mabuting patotoo sa iba, at gawin silang pagpapala at tagapagbigay serbisyo sa iba.*

*Panginoon bilang isang simbahan, kami'y nagpapasalamat sa iyo para sa lahat ng mga himala at kababalaghan na ginawa mo at ginagawa sa aming kalagitnaan. Panginoon pagpalain kami at itaas kami ng iyong biyaya at awa. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagparito na kapag dumating ka kukunin mo kaming kasama mo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon paging dapatin kami na maabot ang bagong mga tao ng mabuting balita ni Jesus at simulang ituro sa kanila ang iyong Salita. Panginoon patnubayan kami na gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagplain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 19. Awit 116 – Tapat ang mga May takot sa Dios. Awit 116:1-19. Mateo 16:18. 1 Pedro 5:6-7. Mateo 16:24.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com